

PINOPROTEKTAHAN NG MGA BATAS NA ITO
ANG MGA MANGGAGAWA ANUMAN ANG
KATAYUAN NG MANGGAGAWA SA IMIGRASYON
O LOKASYON NG KOMPANYA NG NETWORK.
DAPAT SUMUNOD ANG MGA KOMPANYA NG
NETWORK SA MGA BATAS NA ITO.
ILEGAL ANG PAGHIHIGANTI.



**Seattle Office of
Labor Standards**

2025 Paunawa ng Mga Karapatan para sa Mga Manggagawang Nakabatay sa App

Ang pabatid na ito ay dapat gawing makuha sa online na aplikasyon o plataporma ng kompanya ng network sa Ingles at sa (mga) wikang sinasalita ng manggagawa.

KANINO MAGAGAMIT ANG MGA BATAS NA ITO?

Mga manggagawa na nakabatay sa app na nagtatrabaho sa loob ng Seattle para sa isang sakop na **kompanya ng network** na nagpapadali sa trabaho para sa hindi bababa sa 250 manggagawa na nakabatay sa app sa buong mundo. Isang saklaw ng kompanya ng network:

- Gumagamit ng mga online na aplikasyon o plataporma para ikonekta ang mga kostumer sa mga manggagawang nakabatay sa app;
- Hinahandog ang mga ito sa mga manggagawa; at/o
- Pinadadali ang pagbibigay ng mga serbisyo para sa pagbabayad ng mga manggagawang nakabatay sa app.

Ang "Mga Kompanya ng Marketplace Network" na pangunahing nagpapakita ng mga paunang naka-iskedyul na alok, ay nagpapahintulot sa mga kostumer na makipagpalitan ng impormasyon tungkol sa trabaho sa mga manggagawang nakabatay sa app, nagpapahintulot sa mga manggagawang nakabatay sa app na magtakda ng sarili nilang mga rate, at hindi subaybayan ang mga alok ayon sa mileage at **hindi saklaw** ang oras.

PINAKAMABABANG BAYAD PARA SA MGA MANGGAGAWANG NAKABATAY SA APP

Binibigyan ang mga manggagawang nakabatay sa app ng karapatang makatanggap ng pinakamababa na bayad para sa kanilang "Oras na Nakaugnay" at "Mga Milyang Nakaugnay."

ORAS NA NAKAUGNAY

On-demand na mga kompanya sa network o on-demand na alok:

- Nagsisimula kapag tinanggap ng manggagawa na nakabatay sa app ang alok.
- Magtatapos kapag nakumpleto na ng manggagawa ang alok, nakansela ang alok, o tinatanggal ng manggagawa ang alok nang may dahilan.

Lahat ng iba pang kompanya ng network o alok:

- Magsisimula kapag sinimulan ng manggagawang nakabatay sa app ang trabaho o nag-ulat sa lokasyong nakasaad sa alok.
- Magtatapos kapag nakumpleto ang trabaho, nakansela ang alok, o kinansela ng manggagawa ang alok nang may dahilan.

MGA ENGAGED NA MILYA

Mga milyang binyahe sa panahon ng engaged na oras

PINAKAMABABANG BAYAD SA BAWAT ALOK

ay ang mas malaki sa:

\$0.45/minuto +

\$0.77/milya

—O—

\$5.20

Kung magsisimula ang isang alok sa Seattle, ang manggagawa ay babayaran ng hindi bababa sa pinakamababa para sa lahat ng kanilang oras at milya ng pakikipag-ugnayan. Kung ang isang alok ay hindi magsisimula sa Seattle ngunit may kasamang ilang mga paghinto o serbisyo na may kaugnayan sa trabaho sa Seattle, ang pinakamababang pagbabayad ay naaangkop lamang sa oras ng pakikipag-ugnayan at milya sa loob ng mga limitasyon ng Seattle City.

ANO ANG “ON-DEMAND NA KOMPANYA NG NETWORK” O “ON-DEMAND NA ALOK”?

Ang isang kompanya na nag-aalok, o isang indibidwal na alok para sa, paghahatid o iba pang mga serbisyo na dapat magsimula sa loob ng 2 oras ng pagtanggap ng manggagawa sa alok.

ANG KOMPANYANG ITO AY:

- Isang on-demand na kompanya ng network
- Isang marketplace na kompanya ng network
- Isang kompanya ng network, ngunit wala sa itaas

KARAPATAN SA PAGIGING NAAANGKOP

Ang mga manggagawang nakabatay sa app ay may karapatang magpasya kung kailan sila maaari at kung aling mga alok ang kanilang tinatanggap/tinatanggihan.

Ang mga kompanya ng network ay hindi maaaring gumawa ng masamang aksyon laban sa mga manggagawa na:

- Naglilimita sa oras ng kanilang pagkakaroon ng panahon
- Tumanggap o tumanggi ng anumang alok
- Kanselahin ang alok nang may dahilan

Ang masamang aksyon ay maaaring katulad ng paglilimita sa access ng isang manggagawa sa app o pag-deactivate sa manggagawa.

MGA KARAPATAN SA PAGBIBIGAY NG TIP

Ang mga manggagawang nakabatay sa app ay may karapatang magkaroon ng malinaw na impormasyon tungkol sa patakaran sa pagbibigay ng tip ng kompanya.

- Pinapayagan ba ng app ang mga kostumer na mag-tip nang maaga?
 - Oo
 - Hindi
- Maaari bang baguhin o alisin ng mga kostumer ang mga tip pagkatapos ng trabaho?
 - Oo
 - Hindi
- Ang lahat ng mga tip ay dapat bayaran sa mga manggagawang nakabatay sa app
- Ang mga tip ay hindi binibilang sa pinakamababang pagbabayad

KARAPATAN SA HARAPANG IMPORMASYON

Ang mga kompanya ng network ay dapat magbigay o tiyakin na ang isang customer ay nagbibigay sa manggagawa ng:

- Tanya ng oras ng pakikipag-ugnayan at mga milya ng pakikipag-ugnayan
- Garantisadong pinakamababang bayad
- Halaga ng anumang tip na sinabi ng mga kostumer na babayaran nila
- Mga pangalan ng mga negosyo kung saan ang nag-aalok ay nangangailangan ng paghinto
- Impormasyon tungkol sa kinakailangang pisikal na paggawa (hal. bigat ng mga kalakal, mga palapag ng hagdan), kung maaari
- Impormasyon tungkol sa ilang hindi selyadong mga nilalaman ng mga online na order, kung maaari

MGA KARAPATAN SA POLISIYA SA MAPANLINLANG NA PAGGAMIT

Ang mga manggagawang nakabatay sa app ay may karapatan sa isang malinaw na pahayag ng patakarán sa mapanlinlang na paggamit ng kompanya sa network.

Makukuha dito ang polisiya:

BAYAD NA ORAS SA PAGKAKASAKIT AT KALIGTASAN

ANG MGA MANGGAGAWANG NAKABATAY SA APP AY MAY KARAPATAN SA:

- Kumita ng kahit isang araw ng PSST bawat 30 araw na nagtrabaho sa Seattle
- Bilangin ang anumang araw na may pick-up o drop-off sa Seattle para kumita ng PSST
- Buwanang abiso nang naipon na PSST, halagang magagamit, nagamit, at bilis ng pagbayad para sa PSST
- Mababayaran ng kanilang karaniwan na pang-araw-araw na bayad para sa kabayaran ng bawat araw ng PSST na nagamit.
- Kunin ang magagamit na bakanteng oras nang unti-unti na 24 oras
- Naa-access na sistema upang magamit, maunawaan, at humiling ng PSST

ANG MGA MAY BAYAD NA TIME OFF AY MAAARING GAMITIN PARA SA MGA KADAHILANANG ITO:

ORAS NG PAGKAKASAKIT: Upang pangalagaan ang pisikal o mental na kondisyon ng kalusugan, kabilang ang mga medikal na appointment, para sa kanilang sarili o sa mga miyembro ng pamilya

ORAS SA KALIGTASAN: Mga dahilan na may kaugnayan sa karahasan sa tahanan, sekswal na pag-atake, stalking, pagsasara ng trabaho sa pamamagitan ng utos ng opisyal ng pampublikong kalusugan, kapag sarado ang paaralan o lugar ng pangangalaga, na nakakaapekto sa kanilang sarili o mga miyembro ng pamilya

KARAPATAN NA TUMUTOL SA HINDI PAGBIBIGAY NG BAYAD

Ang mga kompanya sa network ay maaaring hindi ibigay ang bayad kung ang isang manggagawang nakabatay sa app ay gumamit ng PSST para sa hindi awtorisadong mga dahilan. Ang mga manggagawang nakabatay sa app ay may karapatang tumutol at igiit na ang kanilang paggamit ng may bayad na oras sa pagkakasakit at may bayad na oras sa kaligtasan ay para sa isang awtorisadong layunin.

ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

IPINAGBABAWAL ANG PAGHIHIGANTI

Pinoprotektahan ng mga batas na ito ang mga manggagawang nakabatay sa app mula sa paghihiganti sa pagtamasa o paggamit ng mga karapatang ito.

KARAPATANG MAGSAMPA NG REKLAMO

Ang mga manggagawang nakabatay sa app ay may karapatang magreklamo sa Office of Labor Standards o magsampa ng kaso kung ang isang saklaw na kompanya ng network ay lumabag sa mga batas na ito.

MAKIPAG-UGNAY: OFFICE OF LABOR STANDARDS

Mga Kompanya ng Network

Kumuha ng teknikal na tulong at/o tumanggap ng pagsasanay

Mga App-Based na Manggagawa

Magsampa ng reklamo sa OLS o magsampa ng kaso sa korte

206-256-5297

www.seattle.gov/laborstandards



Seattle Office of Labor Standards

810 THIRD AVE, SUITE 375

SEATTLE, WA 98104

ORAS: 8:00 AM - 4:00 PM (LUN-BIY)

LABORSTANDARDS@SEATTLE.GOV

Ang misyon ng Office of Labor Standards ay isulong ang mga pamantayan sa paggawa sa pamamagitan ng maalalahanin na pakikipag-ugnayan sa komunidad at negosyo, estratehikong pagpapatupad at makabagong pagpapaunlad ng patakaran, na may pangako sa katarungan sa lahi at panlipunan.

Ang Office of Labor Standards ay nagbibigay ng mga pagsasalin, interpretasyon, at akomodasyon para sa mga taong may kapansanan.